



BAGONG PILIPINAS
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
MAGING HANDA SA
LA NIÑA
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen


Ano ang
LA NIÑA?
Ang **La Niña** ay ang paglamig ng temperatura sa gitna at silangang bahagi ng Karagatang Pasipiko. Ito ay inaasahang magdadala ng **malakas at madalas na pag-ulan, pagguho ng lupa, pag-baha,** at **pagkasira ng mga imprastraktura** na lubhang makakaapekto sa sektor ng agrikultura.
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen


DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
POSIBLENG EPEKTO NG LA NIÑA
Pagkapinsala ng mga pananim na dulot ng malalakas na hangin at ulan;
Tumatagal ang paglago ng mga pananim;
Pagbaba ng kalidad at dami ng ani;
Pag-apaw ng tubig sa mga palaisdaan at irigasyon;
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen


DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
POSIBLENG EPEKTO NG LA NIÑA
Pag-atake ng mga peste at sakit sa mga pananim at mga alagang hayop;
Pagka-antala ng mga aktibidad sa sakahan at karagatan; at
Pag-guho ng mga lupa na maaaring magresulta sa pagka-pinsala ng mga pananim at pagkakasakit o pagkamatay ng mga alagang hayop.
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen

BAGONG PILIPINAS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

# MAGING HANDA SA SAKAHAN

- **Planuhing mabuti ang iskedyul** ng mga aktibidad sa sakahan.
- **Kumpunihin at linisin ang mga kanal ng irigasyon at iba pang daluyan ng tubig.**
- **Gumawa ng small farm reservoir** at iba pang water harvesting systems upang makabawas sa dami ng tubig na dumadaloy sa mga sakahan.

Agri Tayo Soccsksargen | Agri Tayo SOCCSKSARGEN | @AgriTayoSOX | @agritayosoccsksargen | @agritayosoccsksargen

BAGONG PILIPINAS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

# MAGING HANDA SA SAKAHAN

- **Gumamit ng mga matibay na barayti ng pananim** na may kakayahang mabuhay kahit ilang araw na nakalubog sa tubig.
- **Alamin ang mga makinaryang puwedeng gamitin sa mabilisang pag-ani, pagtuyo, o pagproseso ng mga produkto** at kung saan ang pinakamalapit na puwedeng puntahan para makakuha ng serbisyo ng mga ito.

Agri Tayo Soccsksargen | Agri Tayo SOCCSKSARGEN | @AgriTayoSOX | @agritayosoccsksargen | @agritayosoccsksargen

# MAGING HANDA SA SAKAHAN


- **Siguruhing nasa mataas na lugar ang kulungan ng mga alagang hayop**.
- **Paagusin ang sobrang tubig sa sakahan** pagkatapos ng malakas na ulan.
- **Kumuha ng insurance sa Philippine Crop Insurance Corporation** (PCIC).

Agri Tayo Soccsksargen | Agri Tayo SOCCSKSARGEN | @AgriTayoSOX | @agritayosoccsksargen | @agritayosoccsksargen

# MAGING HANDA SA PANGISDAAN

- **Siguruhing nasa maayos na kondisyon ang bangka** at **mayroong safety equipment**.
- **Tiyaking matibay ang mga bangka**, mga kulungan sa aquaculture, at mga istraktura sa baybayin.
- **Suriin ang mga fish cages at pasilidad** sa aquaculture.
- **Ipaalam ang lugar ng pangingisdaan, inaasahang oras ng pagbalik**, at ang **tinatayang tagal ng biyahe** sa mga kasamahan.

Agri Tayo Soccsksargen | Agri Tayo SOCCSKSARGEN | @AgriTayoSOX | @agritayosoccsksargen | @agritayosoccsksargen


BAGONG PILIPINAS
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
MAGING HANDA SA PANGISDAAN
Regular na i-monitor ang kalidad ng tubig.
Iangkop ang mga pamamaraan sa pagpapakain ng isda sa mga operasyon ng aquaculture.
Gumamit ng rope-framed fish cages.
Agarang anihin ang natitirang stocks kung may paparating na bagyo o posibleng baha.
Subukan ang mga alternatibong pagkakakitaan.
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen


BAGONG PILIPINAS
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Para sa karagdagang impormasyon:
Makipag-ugnayan sa inyong Municipal/City/Provincial Agriculture Office o sa
Department of Agriculture-Regional Field Office XII
Prime Regional Government Center, Barangay Carpenter Hill, City of Koronadal
Agri Tayo Soccsksargen
Agri Tayo SOCCSKSARGEN
@AgriTayoSOX
@agritayosoccsksargen
@agritayosoccsksargen

#MagingHandaSaLaNiña | Narito na ang La Niña, mga Ka-Agri!

Alamin ang mga mahahalagang payo mula sa Department of Agriculture-Regional Field Office XII Disaster Risk Reduction and Management para lagi tayong handa mula sa mga epekto ng La Niña.

#BagongPilipinas

#MasaganangAgrikultura

#MaunladNaEkonomiya

#AgriTayoSoccsksargen